



KAMAO

**mga salin
ng mga tula
ni mao zedong**

Axel Pinpin ★ Mark Angeles ★ Elaine Lazaro ★ Nonilon V. Queano ★ j.luna ★
David Michael San Juan ★ Vijae O. Alquisola ★ Richard Ducat ★
MJ Rafal ★ Noel Gomez ★ Mykel Andrada ★ Macky Salvador
★ Noel Sales Barcelona ★ Pia Montalban ★ Glenn Ford Tolentino ★
Piping Walang Kamay ★ Islaw Layag ★ Aris Remollino ★ Grobyas Magdiwang
★ Gem Aramil ★ Joel Costa Malabanan ★ Dennis Espada ★
Abet Umil ★ Ben D. Nillo ★ Emmanuel Halabaso ★ Dennis Aguinaldo ★
Jonathan Vergara Geronimo ★ Rogelio L. Ordoñez ★ Rustum Casia
★ Tata Raul Funilas ★ Faye Gomez ★ Oliver S. Carlos ★ Tilde Acuña



KAMAO

Mga Salin ng mga Tula ni Mao Zedong

Ibinabalik sa mga nagsaling makata ang karapatan
sa kanilang mga akda.

Larawan sa pabalat, guhit ni Tilde Acuña
Inilapat ni Stum Casia

Reserbado ang lahat ng karapatan

Kopyang pang-internet, ipinaskil ngayong
Disyembre 26, 2012 – sa ika-119 kaarawan ni Mao Zedong

NILALAMAN

<i>Si Mao Bilang Makata</i>	1
<i>Mga Tula</i>	
<i>Changsa</i>	4
<i>Tore ng Dilaw na Tagak</i>	5
<i>Chingkanshan</i>	6
<i>Naglalaman Ang Mga Poong Militar</i>	7
<i>Sa Pista ng Chong Yang</i>	8
<i>Sa Daang Kuangchang</i>	9
<i>Martsa Mula Tingchow Tungong Changsa</i>	10
<i>Laban sa Ikalawang Kampanyang Pagkubkob</i>	11
<i>Tapoti</i>	12
<i>Huichang</i>	13
<i>Landas ng Louschan</i>	14
<i>Tatlong Maiksing Tula</i>	15
<i>Libong Hakbang</i>	16
<i>Kunlun</i>	17
<i>Bundók Liupan</i>	18
<i>Niyebe</i>	19
<i>Nang Opensibong Salakayin ng</i> <i>Mapagpalayang Hukbo ng Bayan ang Nanking</i>	20
<i>Tugon kay Ginoong Liu Ya-Tzu</i>	21
<i>Ikalawang Tugon kay Ginoong Liu Ya-Tzu</i>	22
<i>Peitaiho</i>	23
<i>Paglalangoy</i>	24
<i>Tugon Kay Li Shu-Yi</i>	25
<i>Mulingdalaw sa Shaoshan</i>	26
<i>Pumapailanglang sa Lushan</i>	27
<i>Marka sa Isang Larawan</i>	28
<i>Tugon sa Kaibigan</i>	29
<i>Ang Mahiwagang Kuweba:</i> <i>Sulat sa Isang Larawang Kuha ni Kasamang Li Chin</i>	30
<i>Tugon kay Kasamang Kuo-Mo:</i> <i>Isinatitik sa isang larawang kuha ni Kasamang Li-Chi</i>	31
<i>Tula ni Kuo-Mo Jo</i> <i>Nang makita niyang nilupig ng Bakulaw ang Demonyo</i>	32
<i>Oda sa Bulaklak ng Duhat</i>	33
<i>Alapaap ng Taglamig</i>	34
<i>Ikalawang Tugon Kay Kasamang Kuo Mo-Jo</i>	35
<i>Muling Pag-akyat Sa Bundok Jing Gang</i>	36
<i>Dalawang Ibon: Isang Huntahan</i>	37

Si Mao bilang Makata

Noong bata pa si Mao Zedong, nagalit sa kanya ang tatay niyang magsasaka. Nakita siya nito sa ilalim ng puno at may hawak na aklat. “Anak ng!!” sabi nito, “Isang makata ang anak ko!”

Nagalit ang tatay ni Mao sa kanya hindi dahil sa isa siyang makata pero dahil hindi siya makakatulong sa bukid. Mahilig magbasa ng mga klasikong akdang Tsino si Mao. Mahilig siyang magbasa ng mga tula at nang lumaon ay nagsusulat na rin ng mga tula.

Mababasa natin sa mga tula ni Mao na isinalin sa Filipino ng mga aktibistang manunulat ng ating panahon kung gaano kahigpit ang kapit ni Mao sa panitikan ng kanyang bayan.

Nangyari nang isinalin sa Filipino ng mga miyembro ng Panitikan para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) ang mga tula ni Mao. Panahon noon ng Batas Militar. Sa kasalukuyan, hinihingi ng pagkakataon na makilala nating muli si Mao lalo’t nakaamba na namang manikil ng kalayaan ang rehimen gamit ang Cybercrime Law. Panahon ngayon ng de facto batas militar.

“Isang makata ang anak ko!” usal ng tatay ni Mao. Ang hindi niya alam noon, ang anak niyang makata ang siyang magtitimon ng rebolusyon sa Tsina at babago sa kanilang lipunan. Nagtagumpay ang rebolusyong kultural sa gabay ng Marxismo-Leninismo. Ang mga tulang narito ay nasulat ni Mao sa loob ng panahon ng pagsusulong ng rebolusyon patungo sa pagkakamit ng tagumpay.

Sulong! Padayon!

M.A.



Mga Tula

Changsa

Nag-iisa akong nakatayo sa ginaw bago ang tag-ulan
sa tuktok ng Isla Kahel,
umaagos ang Hsiang pahilaga;
tan-aw ko ang libong burol na pinapula
ng kanyang kakahuyan na parang dyinobus,
at daang barko na nagpapaligsahan
sa dalisay na asul na karagatan.
Hinihiwa ng agila ang hangin,
kinakalabusaw ng isda ang babaw ng tubig;
sangkaterbang nilalang na nagpursigi sa laya sa ilalim ng langit na nilalamig.
Nagmumukmok sa ganitong kagimbalan
napaisip ako, sa lupaing walang hangganan
sino ba ang nagtatakda ng pababa at pataas?

Galing na ako rito kasama ang maraming barkada,
tumalinaw pa rin sa akin ang mga mahahalagang taon.
Nasa kasibulan kami, magkakaiskwela,
sa buhay na apaw sa pag-asa.
Puno ng kasiwalan
isinantabi namin, pangahas, ang mga pagtitimpi.
Nakaduro sa aming mga bundok at sa aming mga ilog,
pinag-alab ng aming mga talumpati ang damdamin ng tao,
tinatarahan ang mapang-api na sila'y burak lamang.
Natatandaan pa ba
kung paano, tumindig kami sa gitna, hinawi ang tubig
at nabalaho sa aming daluyong ang nag-uunahang barko?

*Salin ni Axel Pinpin
Upland Cavite
July 8, 2012*

Tore ng Dilaw na Tagak

Malawak, malawak ang inaabot ng siyam na sapa sa
lupain,

Madilim, madilim ang pasikut-sikot mula timog
hanggang hilaga.

May lambong ng makapal na ulap ng maulop na ulan
Ang Pagong at Ahas na hinahapit ang dakilang ilog sa
gitna

Wala na ang dilaw na tagak, saan na nga ba napadpad?

Tanging itong tore ang naaabutan ng mga dalaw.

Itinataas ko ang aking alak sa maunos na alon,

Ang bugso ng puso ko ay sumasabay sa daluyong.

Salin ni Mark Angeles

Chingkanshan

Sa ibaba ng burol, naglipana ang ating mga watawat at bandera,
Sa taluktok ng burol, dumadagundong ang ating mga tambol at trumpeta.
Pinalilibutan tayo ng mga kaaway na isang libo ang tatag,
hindi tayo matitinag, hindi tayo mapapasuko.
Baluting bakal ang ating panangga,
Wangis ng kuta ang paninidigan nating sama-sama
Mula sa Huang yang chieh dumadagundong ang kulog ng ating mga sandata,
Sa gabi tumakas ang kalaban, ayon sa balita.

Salin ni Elaine Lazaro

Naglalabanan Ang Mga Poong Militar

Sa biglang bira ng hangin at ulan
Na nagsabog ng hirap sa buong kalupaan,
Muling naglalaban-laban ang mga Poong Militar--
Ngunit muli'y Panaginip ng Gintong Trigo.
Lumulundag ang mga pulang bandila sa Ilog ng Ting
Diretso sa Lungyen at Shangshang.
Naibalik namin ang bahagi ng gintong mangkok
At bukal sa loob na ipinamimigay ang lupa.

Salin ni Nonilon V. Queano

Sa Pista ng Chong Yang

Ang tao'y madaling kumupas, hindi ang Kalikasan;
Taun-tao'y dumarating ang pista ng Chong Yang.
Sa Chong Yan na ito,
Humahalimuyak ang mga dilaw na bulaklak sa parang ng digma.

Taun-taon, mabangis ang hanging dala ng taglagas,
Iba ito sa dilág ng tagsibol,
at higit pa sa dilág ng tagsibol,
Masdang naghahari ang nagyelong langit at tubig.

Salin ni j.luna

Sa Daang Kuangchang

Ang buong daigdig ay puti,
Masikhay kaming nangagsilakad sa niyebe.
Matatarik na bato ang nasa itaas ng aming mga ulo,
Ang malawak na daanan ay tinawid namin, ang mga bandilang pula'y
namamayagpag sa hangin.
Saan kami patungo?
Sa Ilog Kan na puno ng niyebe.
Kahapon inihayag ang utos,
Isang daang libong manggagawa't magsasaka ang nagmamartsa sa Kian.

Salin ni David Michael San Juan

Martsa Mula Tingchow Tungong Changsa

Nitong Hunyo, kinastigo ng mga kawal ng Langit ang tiwali at buktot,
Layong bigkisin ang bato at dambuhala ng kurdong isang yuta ang haba.
Tinatanglawan ng pula ang malayong dako ng Kan,
Salamat sa ating sangay sa ilalim ng Huang Kung-lueh.
Isang milyong manggagawa at magsasaka ang bumabangon,
Sinasklaw ang Kiangsi diretsong Hunan at Hupeh.
Sa nakapupukaw na hatak ng Internasyonale
Isang mabangis na ipu-ipo ang bumulusok mula sa langit.

Salin ni Vijae O. Alquisola

Laban sa Ikalawang Kampanyang Pagkubkob

Mala-espuma ang mga ulap sa ituktok ng Puting Bundok,
Sa paanan nito, sumisingasing ang tunog ng pakikihamok.
Ang mga lantang puno at bulok na ugat ay sumali sa babagan.
Sa kakahuyang puno ng riple ay mga alilisan,
Habang ang Lumilipad na Heneral ay bumababa mula sa langit.
Sa labinlimang araw naming nagmartsa sa pitong daan li
Tinawid namin ang mauulap na tubigan ng Kan at luntiing burol ng Fukien,
Nilululon ang mga kaaway tulad ng ginagawa sa banig.
Isang tinig ang naulinigan naming tumataghoy;
Sa kanyang "balwarte sa bawat hakbang" ay makatulong sa kanya!

Salin ni Richard Ducat

Tapoti

Tag-init ng 1933

Pula, kahel, amariyo, lunti,
bughaw, lila, anyil:
Sino itong sumasayaw
sa mga kulay ng bahaghari sa kalangitan?
Hagayhay matapos ang ulan, pahilig nang araw:
namumutlang mga bundok at landas
sa bawat pagbabanyuhay ng sandali.
Mabangis na labanan nang taong iyon:
butas-punglo sa mga tabike ng nayon.
Itong gayak na gayak na mga bundok,
mas magandang pagmasdan ngayon

Salin ni MJ Rafal

Huichang

Magbubukang-liwayway na sa dakong silangan.
Huwag sabihing, 'Manibalang nang magsimula';
Pagtahak sa malulumbay na burol ay walang mababago,
Tanawin dito'y walang kapantay.
Mula sa nagtatayugang muog ng tugatog ng Huichang,
Hanay sa hanay, saklaw hanggang sa dulong silangang karagatan.
Nar'yan ang magigiting, patungong Guangdong sa katimugan
Tila mas mapangahas na nanganganinag sa may 'di kalayuan.

Salin ni Noel Gomez

Landas ng Louschan

Mabangis ang haplit ng habagat,
Nananaghoy ang mga ligaw na gansa
Sa limlim ng natutuod na buwan ng umaga.
Sa malamig na titig ng matang-langit,
Kumakalatok ang mga kamaong-kuko ng kabayo,
Ang mga tambuli'y humihibik.
Ipinagpapalo ng halaghag
Na itong magahum na landas
Ay pader na bakal.
Ngunit narito't hindi napapagal ang aming mga hakbang,
Ngayo'y tinatahak ang taluktok ng daang mayabang.
Ang tugatog ay tinatalunton ng aming mga talampakan,
Ang lagisli ng burol ay umaalong bughaw na dagat,
Ang lumulubog na araw ay dugong di mapatahan.

*Salin ni Mykel Andrada
Nobyembre 30, 2012. 2:39nu. Iba.*

Tatlong Maiksing Tula

I

Kabundukan!

Nilatigo ko ang maliksi kong kabayo, habang nasa sintadera ako.

Gulat akong napalingon,

Tatlong talampakan at tatlo ang langit sa ulunan ko!*

II

Kabundukan!

Parang malalaking along dumadaluyong sa salpukang dagat,

Parang isang milyong mola

Sa ganap na paglukso sa kainitan ng digma.

III

Kabundukan!

Lumalagos ang pagkabughaw ng kalangitan, matatalas ang iyong pana!

Babagsak ang kalangitan

Ngunit para sa umaalalay mong lakas.

Salin ni Macky Salvador

* *Mula sa May-akda:*

Isang katutubong awitin:

Bungong bundok sa kaitaasan,

Bundok ng kayamanan sa ibaba,

Ang langit ay tatlong talampakan at tatlo lamang.

Yumuko kung magtutungo nang naglalakad,

Bumaba kung magtutungo nang nakakabayo.

Libong Hakbang

Hindi natigatig ng hirap ng Martsa ang mga Pulang Mandirigma
Magaang na sinalunga laksang batuhan at sigwada.
Humihip ang Limang Tagaytay tulad ng marahang kilapsaw
At ang maharlikang Wumeng ay gumulong, mga patak ng luwad.
Mainit ang matatarik na tangway na nilalapa ng tubigan ng Gintong Buhangin,
Malamig ang mga tanikalang nagpapang-abot sa Ilog Tatu.
Masayang tinawid ang isang libong milyang niyebe ng Minsha,
Maliwanag ang mukhang nagpapatuloy sa martsa ang tatlong Hukbo.

Salin ni Noel Sales Barcelona

Kunlun

Mula sa himpapawid, paroon sa langit na bughaw
Ikaw, mabangis na Kunlun, ang saksi
Sa lahat ng pinakamarilag sa mundo ng mga tao.
Ang tatlong milyong mala-esmeraldang dragon* sa alapaap,
Nagpapayelo sa langit ng gumuguhit na lamig.
Tuwing tag-araw, ang natutunaw na ragasa
Ang bumabaha sa mga ilog at sapa,
Ginagawang mga pagong at isda ang taumbayan.
Sino ang nakapagpataw ng hatol sa mabuti at masama
Na nilikha mo sa isang libong taglagas?
Sa iyo Kunlun, akin ngayong sasabihin,
Wala ni alinman sa pawang mong katayugan
Ni pawang mong niyebe ay kailangan.
Maaari bang akin na lang hugutin ang aking espadang lagpas langit,
Bibiyakin kita sa tatlo:
Isang bahagi para sa Europa,
Isa para sa Amerika,
Isang maiiwan para sa Silangan.

Saka lamang makapaghahari ang kapayapaan sa buong mundo,
Magpapantay ang init at lamig sa lahat ng dako ng globo.

Salin ni Pia Montalban

** Isang matandang makata ang nagbanggit: "Habang ang tatlong milyong puting esmeraldang dragon ay nagtatalo, ang kalawakan ay napuno ng kanilang mga nagsilagas na mga kaliskis." Ganoon niya naisalarawan ang bumabagsak na nyebe. Hiniram ko ang imahe para isalarawan ang mga bundok na nababalutan ng nyebe. Kapag tag-araw, at aakyat ang tuktok ng Minshan, matatanaw mo ang marami pang bundok, lahat ay namumuti, umiindayong na gaya ng isang sayaw. Sa mga taong taal doon may isang alamat ang pinapaniwalaan, ang lahat daw na mga bundok sa hanay na ito ay minsang tinupok ng apoy, ngunit may isang Hari Unggoy ang pumitas ng anahaw at umapula ng lagablab, kaya ang mga bundok ay namuti. (Paliwanag ng May-akda)*

Bundók Liupan

Ang panginurin ay matayog, ang ulap ay mapusyaw,
Nasaksihan natin ang paglaho ng gansó pa-Katimugan.
Kung mabibigo tayong makarating sa Dakilang Muog,
hindi tayo ganap na hukbo
Tayo na malaon nang sinukat ang dalawampung-libong li
Matayog sa bumbunan ng Bundók Liupan—
Malayang kumakaway ang mga Pulang bandera sa amyanan.
Ngayong araw, kapit-bisig-ang-haba-ng-kurdon sa ating mga kamay,
Kailan tayo kagyat magbubuklod upang lipulin ang Serpiyente?

Salin ni Glenn Ford B. Tolentino

Niyebe

Pangyayari sa Hilagang Bayan:
Isang libong yuta sa yelo ang nakulong,
Isang libong yuta ng niyebeng dumadaluyong.
Ang magkabilang panig nitong Dakilang Muog
Ay namumukod-tanging kalawakan.
Ang napakabilis na daloy ng Ilog na Dilaw
Ay humimpil sa magkabilang hangganan.
Umiindak na tila mga pilak na ahas ang kabundukan
At ang mga tumana ay sumusugod na parang mga luwad na elepante.
Nakikipagtagisan sa kalangitan sa tindig at tayog.

Sa isang mainam na araw, ang lupa,
Nakabihis ng puti, pinalamutian ng pula,
Gumigiri at lalong nakakagayuma.
Ang lupang ito na napakayaman sa kariktan
Pinayukod ang hindi na mabilang na mga bayani sa paghanga at paggalang.
Ngunit Alas! Sina Qin Shihuang at Han Wudi
Ay kapos sa karilagan ng panitikan.
Itong sina Tang Taizung at Song Taizu
Ay may kapinggot na panulaan sa kanilang kaluluwa;
Yaong palalong anak ng kalangitan,
Si Gengis Khan,
Alam lamang ang mamana ng mga agila, gamit ang mga busog na binabanat.
Lahat ay wala na at lumipas!
Dahil ang mga tunay na dakilang tao
Ay nakatitig lamang sa panahong ito.

Salin ni Piping Walang Kamay

Nang Opensibong Salakayin ng Mapagpalayang Hukbo ng Bayan ang Nanking

Nanalasa sa bundok Zhong ang isang sigwa, mapangahas,
Dumaluhong ang ating hukbo sa Dakilang Ilog, isang angaw ang tatag.
Ang Lungsod, nakaambang tigre, balikutkot na dragon, dinaig ang sinaunang
tanyag;

Sa makasaysayang tagumpay nabaligtad maging ang langit at lupa.

Gamit ang lakas at reserba, ating ibuwal ang nangangatog na kaaway

Huwag pamarisan ang atrasadong kaisipan ng mananakop na si Hsiang Yu

Na naghangad ng buaw na katanyagan.

Kahit pa maramdamin ang Kalikasan, maging siya ay tatanda, marubdob

Ngunit ang mundo ng Tao'y pabagu-bago, ang karagata'y nagiging taniman ng
morales.

Salin ni Islaw Layag

Tugon kay Ginoong Liu Ya-Tzu

Naaalala ko pa ang ininom nating tsaa sa Kwangchow,
At mga palitang-tula sa Chungking noong taglagas.
Matapos ang tatlumpung taon, nagbalik ako sa dating bayan,
At sa paghimlay ng tagsibol, sinalat ko ang nakinis mong mga talinhaga.
Kung lalabis ang pagdaramdam, umiwas sana sa pighati,
At lawakan mo ang nasasaklaw ng iyong mga mata.
Huwag mong sabihing mababaw lamang ang lawa ng Kunming.
Kung manonood ng mga isda, mas mainam dito kaysa Ilog Fuchun.

Salin ni Aris Remollino

Ikalawang Tugon kay Ginoong Liu Ya-Tzu

(Sa isang pagtatanghal ng mga awit at sayaw sa Pambansang Araw ng Pagdiriwang ng 1950, sumulat si Ginoong Liu Ya-Tzu ng isang biglaang tula sa himig ng Wan Hsi Sha na akin namang tinugon gamit din ang parehong himig.)

Kay haba ng gabi at kay bagal dumatal ng bukung-liwayway sa Mapulang Lupa

Sa loob ng isang siglo'y nagpaikut-ikot sa isang magaslaw na sayaw ang mga demonyo't halimaw.

At walang pagkakaisa ang limandaang milyong madla.

Ngayo'y tumilaok na ang tandang at nagliwanag ang buong sanlibutan.

Narito ang musika mula sa lahat nating mga kasama, gayundin mula sa Yutien.

At higit ang inspirasyon ng makata ngayon kaysa noon.

Salin ni Grobyas Magdiwang

Tula ni Liu Ya-Tzu

(Noong ika-3 ng Oktubre, dumalo ako sa isang pagtitipon sa Huai Jen Tang. Nagtanghal ang mga tropa mula sa iba't ibang lahi sa Timog-kanluran, Sinkiang, Probinsiya ng Yenpi, at Pusod ng Mongolia. Sa kahilingan ni Kabesang Mao, inakda ko ang sumusunod na tula para ipagdiriwang ang dakilang pagkakaisa ng mga lahi.)

Sa gilalas ng mga naglalagablab na puno at pilakang bulaklak, isang gabing walang karimlan.

Kumandirit ang mga kapatid sa marikit na sayaw.

Ang mga sala ng Ang Bilog na Buwan ay umilanlang nang buong saya.

Ngunit para sa mainam na pamumuno ng isang tao,

Paanong ang isang daang lahi ay nagsama?

Walang ibang hihigit pa sa kapistahan ng masayang gabing ito!

Palitwanag ni Liu Ya-Tzu:

May awiting bayang Kazakh sa Sinkiang na ang pamagat ay Ang Bilog na Buwan

Peitaiho

Isang unos ang sumalanta sa lupaing ito sa hilaga,
Lumukso ang mapuputing bula ng alon sa kalangitan.
Wala ni isa mang bangkang pangisda sa Chingwangtao
na namataan sa walang hanggang karagatan.
Saan sila napadpad?
Halos dalawang daang libong taon na ang lumipas
Hawak ang kanyang latigo, ang Emperador Wu ng Wei
Ay naglakbay pasilangan tungong Chiehshih; nakaligtas ang kanyang tula.
Ngayon, naghihimutok pa rin ang hangin ng taglagas,
Ngunit ang mundo'y nagbago na!

Salin ni Gem Aramil

Paglalangoy

Nainom ko ang mga tubig sa Changsa
At nakakain ng isda sa Wuchang.
Ngayon ay lumalangoy ako patawid
sa dakilang Yangtze
Nagmamasid sa malawak na kalangitan ng Chu
Hayaang umihip ang hangin at humampas ang alon,
Higit na mainam kaysa sa walang saysay na paglalakad sa parang
Ngayon ay panatag ako.
“Sa pamamagitan ng alon sinabi ng Guro –
Hayaang ang mga bagay ay lumipad!”
Makiayon sa daloy ng hangin
Panatag ang mga Pawikan at Ahas
Dakilang plano ang mararanas
May tulay na mag-uugnay sa hilaga at timog,
Ginagawang daan ang malalim na bangin;
Haliging-bato ang titindig na pasalunga sa kanluran
Upang hadlangan ang ulap at ulan ng Wushan
Hanggang isang look ang lumitaw sa makikitid na lagusan.
Ang diwata ng kabundukan kung naroroon
Ay mamamangha sa nagbagong daigdig.

Salin ni Joel Costa Malabanan

Tugon Kay Li Shu-Yi

Nawala ko ang aking mapagmataas na Paplar at ikaw iyong Palumpong,
pumailanglang ang Paplar at Palumpong sa Ikasiyam na Langit.
Si Wu Kang, na nagtanong ano'ng maaari niyang ibigay,
ay naghain sa kanila ng pinasulakang lawrel.
Inilatag ng malungkot na diyosa ng buwan ang kanyang saganang manggas
para sayawan silang mga tapat na kaluluwa sa walang hanggang kalawakan.
Bigla'y iniulat ng daigdig ang tigreng nagapi,
bumuhos na'ng mga luha ng ligaya, bumabagsak gaya ng malakas na ulan.

Salin ni Dennis Espada

Mulingdalaw sa Shaoshan

Tulad ng kulimlim na panaginip na sumagi sa isip,
Isinumpa ko ang matagal nang winalayang lumipas—
Ang katutubong lupa ko at tatlumpu't dalawang taong nalagas.
Pinukaw ng pulang bandila ang alipin, tangan ang karit,
Habang ang itim na kuko ng panginoon ay nakaamba ang latigo.
Tinitiiim ng pait ng pagpapakasakit ang di-matinag na sikhay
Na pumapangahas sa araw at buwan na suminag sa bagong kalangitan.
Nakatutuwa, tanaw ko ang labay na kampay ng linang at mga lentehas
At ang libot lahat na mga bayani ay patahanan sa hamog ng gabi.

Salin ni Abet Umil

Pumapailanglang sa Lushan

Sa himpapawid pagkaraan ng paglipad, lagpas ng tore sa bundok ng Yangtze;
Dito sa apat-na-raang tayog ng mga kulot na berdeng taluktok.

Sa malamig kong mata pinagmamasdan ang mundo higit pa sa karagatan;

Kasabay ng mga mainit na patak ng ulan na-inaakay ng kalangitan,

Sa mga kumpol na alapaap, sa ibabaw ng siyam na bukal nagsalimbayan ang
dilaw na tagak.

Ang balumbong alon ng silangang baybaying dagat dito lumilipad ang mga
puting bula.

Sinong makakapagsabi kung nasaan ang nawalang talino ni Tao Yuan-Ming

Ngayong nakakapag bungkal pa siya sa Lupa ng namumulaklak na Meloko-
ton?

Salin ni Ben D. Nillo

Marka sa Isang Larawan

Kay giting silang pagmasdan habang nakasukbit ang riple sa balikat,
Ipinagmarangya sa unang liwanag ng madaling-araw.
Ang kadalagahan ng bayang ito ay may mga mithiin,
Sinisinta ang gayak-pandigma at hindi ang mga seda at satin.

Salin ni Emmanuel Halabaso

Tugon sa Kaibigan

Naglalayag na ang mapuputing ulap sa ibabaw ng Bundok Chiuyi;
lulan ng hangin, nananaog ang mga Prinsesa sa mga burol na berde.
Noon, batik-batik ang mga kawayan sa kanilang luhang masagana.
Ngayon, nakabaro ng mga ulap na kulay rosas ang mga Prinsesa.
Bumubugso ang nagyeyelong alon ng Lawa ng Tungting patungong langit;
Umaalingawngaw sa mahabang pulo ang nakayayanig-lupang awit.
At naliligaw ako sa pananaginip, di-masawatang pangangarap
Sa lupain ng mga gumamelang sa sikat ng araw ay nag-aalab.

Salin ni Dennis Aguinaldo

Ang Mahiwagang Kuweba:

Sulat sa Isang Larawang Kuha ni Kasamang Li Chin

Sa gitna ng papadilim nang kapaligiran,
nakatindig ang mga matatag na punong pino.
Nagkakagulong ulap ang dumaan, dagli at payapa.
Pinatingkad ng Kalikasan ang kanyang sarili sa Mahiwagang Kuweba,
Sa mapanganib na mga bundok,
nagkakanlong ang kagandahan sa kanyang walang hanggang pagkakaiba-iba.

Salin ni Jonathan Vergara Geronimo

Tugon kay Kasamang Kuo-Mo:

Isinatitik sa isang larawang kuha ni Kasamang Li-Chi

Sumambulat ang isang daluyong sa kalupaan
kaya naghumindig ang isang demonyo
sa talaksan ng maputing mga buto.
Di nakapaglagos sa liwanag ang baliw na monghe
ngunit kailangang maghasik ng pinsala
ang mapangwasak na demonyo.
Walang habas na iwinasiwas
ng Ginintuang Bakulaw ang malaki niyang pambambo
at napawi ang alikabok
sa mala-esmeraldang papawirin.
Ngayon, muling pumaitaas
ang maruming mahamog na ulap.
Ipagbunyi natin si Sun-Wu Kung,
ang kahanga-hangang manggagawa.

Salin ni Rogelio L. Ordoñez

Tula ni Kuo-Mo Jo

Nang makita niyang nilupig ng Bakulaw ang Demonyo

Kung nakalilitong pinagsasanib
ang mga tao at ang mga demonyo
ang tama at ang mali
mabait ang monghe sa mga kaaway
walang habag sa mga kaibigan.
Walang katapusan niyang sinasambit
"Ang Orasyon Ng Ginintuang Sinsing,"
at tatlong ulit niyang pinahintulutang
makatakas ang Puting Butong Demonyo.
Marapat lamang gutay-gutayin
ang katawan ng monghe.
Para sa kahanga-hangang manggagawa
walang silbi kung bubunutin lamang
ang isang hibla ng kanyang buhok.
Marapat na lubos na papurihan
ang gayong lubhang napapanahong aral
maging ang Baboy
ay naging higit na matalino kaysa mga hangal.

Salin ni Rogelio L. Ordoñez

Oda sa Bulaklak ng Duhat

(Matapos mabasa ang Oda sa Plum Blossom ni Lu Yu, Tinugon ko ito ng mga sumusunod na pangungusap.)

Hangin at ulan ang naghatid sa paglisan ng tagsibol
Nililipad na niyebe naman ang sasalubong sa muli nitong pag-uwi.
Sa tinitingalang batong nabibihisan ng yelo,
Isang bulaklak ang mamumukadkad, kaibig-ibig at maaliwalas.

Kaibig-ibig at maaliwas, hindi na lamang para sa kanya ang kahilingan ng tagsibol.
Sapat na para sa kanya ang ihanda ang daraanan nito.
At sa muling pamumukadkad ng mga bulaklak sa kabun-dukan,
Nakangiti siyang makikihalubilo sa kanilang kalagitnaan.

Salin ni Rustum Casia

Alapaap ng Taglamig

Sumasalipadpad ang alapaap ng taglamig
At angkas ng niyebeng tila himulmol ng bulak,
Wala o iilan ang inosenteng bulaklak;
Mamamalaybay ang malamig na alon sa matarik na himpapawid
Habang patuloy ang pag-init ng kalmadong hininga ng mundo.
Bayani lamang ang kayang magpaamo ng mga tigre at leopardo.
At ang mga ligaw na oso ay hindi nakahuhupa ng tapang.
Sasalubungin ng kaakit-akit na bulaklak ang nag-iikutang niyebe
At ang mga kababalaghan ay lilipad at maglalaho.

Salin ni Tata Raul Funilas

Ikalawang Tugon Kay Kasamang Kuo Mo-Jo

Munti man ang mundo
ilang langaw pa rin ang sa kongkreto'y panay ang pagbunggo
nag-iingay nang walang humpay,
minsa'y napakatinis,
minsa'y nananaghoy.
Ipinagpalagay ng mga langgam sa puno ng kadyos ang isang dakilang bayan
ngunit nang lupon ng mga kulisap ay nagsidatingan,
sinubukanh kubabawin at yanigin ang puno't pangarap ng mga langgam.
Nagsimula nang umihip ang hanging mula Silangan,
dahilan upang magkalat ang mga dahon sa Changan
kasabay ng taginting ng mga palasong nagliliparan.
Pumapalahaw ang bungkos ng mga adhikaing humihingi ng katuparan,
kasing bilis ng patak ng bawat segundo sa orasan.
Patuloy ang pag-inog ng mundo,
tulad ng patuloy na pag-ikot ng mga kamay ng relo.
Sadyang mahaba ang sampung libong taon,
sinupin ang takbo ng bawat araw o oras man.
Darating ang panahon, ulap at karagata'y mapupuno ng galit,

Limang kontinente'y mayayanig, hangin at kulog ay magngangangalit.
Ang ating hukbo'y di padadaig, di pahuhuli!
Mga salot ay sama-sama nating iwawaksi!

Salin ni Faye Gomez

Muling Pag-akyat Sa Bundok Jing Gang

Malaon ko nang nais na marating ang mga ulap
At marubdob kong nasa na muling akyatin ang Bundok Jing Gang.
Mula sa malayo, sa pagtanaw sa nanahang mga subyang,
Nakababanaag ng mga bagong tagpong pumapalit sa mga dati na.
Saanman pumaling dinig ang awitan ng mga kilyawan,
Palasong itinutudla ang mga sibad sa iglap nilang paglipad
Nananambitan ang mga sapa
At wari'y bundok na nakapatirapa ang binabagtas na daan.
Malagpasan lamang ang baseng-tanggulan ng Huang Yang Chie
Ay! wala nang pinakamapanganib pang lugar na dapat sulyapan!
Nagsasalimbayan ang dahas ng ihip-hangin at dagundong ng kulog.
Saanman may taong masalubong, iwinawagayway nila ang mga bandila.
Tatlumpu't walong taon ang matuling lumipas,
Parang ikinatus lang sa mga daliri.
Ang buwan -- o' ang buwan sa Ikasiyam-na-Langit -
napakadali niyang ikuyom sa aming mga palad!

Ang mga pawikan- laruan lamang na aming inaagaw
Sa kailaliman ng Limang-Dagat.
Makababalik kami. Babalik kami
Sa gitna ng mga awit-pagbubunyi
Ng malulutong na mga tawa't halakhak.
Paniwalaan ninyo ngayon
Walang balakid o anumang kahirapan
Na di kayang lagpasan
Kung mangangahas lang na akyatin
Ang mga tuktok at kaitaasan.

Salin ni Oliver S. Carlos

Dalawang Ibon: Isang Huntahan

Mistulang pamaypay ang mga pakpak ng Manaul
Nang pumaimbulog ito nang halos limampung libong kilometro
At nambulahaw ng nagpupuyos na buhawi.
Nasa likod niya ang bughaw na himpapawid, siya' tumanghod
Upang siyasatin ang daigdig ng Tao, ang mga bayan at lungsod nito.
Hinimod ng mga putok ng baril ang langit,
Hinukay ng mga punglo ang lupa.
Isang maya sa kanyang palumpong ang nanigas sa takot.
"Kalunus-lunos itong kaguluhan!
Nais kong sumibad at lumipad palayo."
"Saan naman, kung maaring malaman?"
Tumugon ang maya,
"Sa palasyong puno ng hiyas, sa burol sa lupain ng mga lambana.
Hindi mo ba alam na isang tatluhang kasunduan ang pinagtibay
Sa ilalim ng liwanag ng buwan ng taglagas, dalawang taon nang nakalipas?
Mayroon doong maraming makakain,
Mga patatas na sumasagitsit sa init,
Bulalong umaapaw sa karneng baka."
"Tigilan mo na ang mahangin mong kaululan!
Tignan mo, kasalukuyan nang binabaliktad ang daigdig."

Salin ni Tilde Acuña



KAMAO